THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 2023 CAPACITATING URBAN COMMUNITIES FOR PEACE AND DEVELOPMENT (CUCPD) PROGRAM PHASE 3: COLLABORATION FOR PEACE AND DEVELOPMENT (ENGAGEMENT)

VOLUME 2 No. 49 Oct. 16, 2023 - Oct. 22, 2023

# OPERATION PITPIT



'TAMAng timbang para sa TAMAng pinamili ng taumbayan'

Kaugnay ng pagdiriwang ng Consumer Welfare Month ngayong taon na may temang GenS: Generation Sustainable, muling nagsagawa ang City Economic Enterprise Development ng Operation Pitpit, ika-13 ng Oktubre na ginanap sa Calapan City Public Market sa pangunguna ni CEED Officer, Enp. Nepo Jerome Benter.

Isinakatuparan ang gawaing ito upang mabigyang importansya ang mga mamimili sa lungsod. Paniniwala ni City Mayor Malour Flores-Morillo, nararapat lamang na TAMA at hindi depektibo ang mga timbangan sa ating pamilihan upang makasigurado rin na TAMAng bilang at dami ng pinamili ang maiuuwi at makukuha ng taumbayan. Sa pamamagitan ng Operation Pitpit, tunay na di maikakaila na sa Administrasyong Morillo, prayoridad ang pagtataguyod ng patas at TAMAng kapakanan ng consumer o mga mamimili.

Tinatayang nasa mahigit kumulang 26 na defective weighing scales ang 'pinitpit' o sinira ngayong araw.

Naging kaisa at katuwang rin ng CEED sa gawaing ito si City Administrator, Atty. Reymund Al Ussam, CENRD sa pamamahala ni Mr. Wilfredo Landicho, PD DTI Oriental Mindoro Min Director Arnel E. Hutalla, CESO V, na inirepresenta naman ni Ms. Joy Dinglasan, City Engineering Department at SAMPACA Chairman Mr. Antonio Arellano (Kate Rondilla Redublo/ CIO).





THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER


JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM



TINGNAN: Sa direktiba na rin ni Governor Humerlito "Bonz" A. Dolor, personal na pinangasiwaan ng Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office (PDRRMO) ang pagtatayo ng Incident Command Post (ICP) sa Capitol in the South sa bayan ng Roxas, Oktubre 16.

Ito ay sa maigting na pakikipag-ugnayan sa Provincial Veterinary Office, mga konsernadong ahensya at maging sa mga pamahalaang lokal ng mga apektadong bayan upang mas matutukan at kagyat na mabigyan ng karampatang aksyon ang pagsawata sa pagkalat ng African Swine Fever sa lalawigan.


Dumating na rin sa lalawigan ang kahilingan ni Gob. Bonz na mga test kits mula sa Department of Agriculture. Naka

takdang magset-up ng field testing laboratory sa Roxas na makapagbibigay ng resulta sa loob lamang ng dalawang oras kung positibo o negatibo sa ASF ang nakuhanan ng sample. (PIO Calapan)










For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361

# 2023 CAPACITATING URBAN COMMUNITIES FOR PEACE AND DEVELOPMENT (CUCPD) PROGRAM PHASE 3: COLLABORATION FOR PEACE AND DEVELOPMENT (ENGAGEMENT)

SA PANGUNGUNA ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan, sa pamamagitan ng pangangasiwa ng Department of the Interior and Local Government (DILG), matagumpay na naisagawa ang aktibidad kaugnay sa *"2023 Capacitating Urban Communities for Peace and Development (CUCPD) Program-Phase 3: Collaboration for Peace and Development (Engagement)"* na may temang *"Talakayan sa Akmang Programa at Tamang Aksyong Nagpapaunlad (TAPATAN)"*, isinagawa sa ABC Hall, Local Government Center, City Hall Complex, nitong ika-17 ng Oktubre.

Ang CUCPD ay isang community-based na inisyatiba na naglalayong itaguyod ang kapayapaan, seguridad, at panlipunang pag-unlad sa mga urban areas at ito ay idinisenyo upang bigyang kapangyarihan ang mga lokal na komunidad na tukuyin at tugunan ang kanilang sariling mga pangangailangan at prayoridad at magtulungan, upang makamit ang mga layunin.

Ang naturang gawain ay dinaluhan nina Vice Mayor Hon. Rommel "Bim" A. Ignacio bilang Acting City Mayor, Ms. Maria Victoria J. Del Rosario, CSEE (Provincial Director, DILG Oriental Mindoro), at Enp. Ivan Stephen F. Fadri, CPA, CESE (City Director, DILG Calapan City).

Ito ay nilahukan din ng mga Hepe at kinatawan ng iba't ibang departamento ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan, kasama ang mga kinatawan ng iba't ibang sektor katulad ng Urban Poor, Women, Youth & Students, at Labor (Cedric Errol A. De Guzman/CIO)



# PAGBATI PARA SA MGA HUWARANG KAWANI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG CALAPAN

SA PANGUNGUNA ni City Human Resource Management Officer, Mr. Ronal O. Punzalan, kasama ang ilan sa mga Department Heads at Program Managers, ginawaran ng Sertipiko ng Pagkilala ang limang (5) natatanging kawani ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan, ginanap sa City Hall, noong ika-16 ng Oktubre.

Pinarangalan at binigyang pagkilala rito si Ms. Hazel Anne L. Masongsong, RND, MPH (Nutrition Officer III / City Nutrition Program Coordinator) na nagtapos ng Master iin Public Health sa Institute of Community and Family Health, Inc. at nakatanggap ng Dr. Elizabeth D. Porras Award (Gold) for for most relevant public health involvement.

Pinarangalan din sina Ms. Krishna N. Acedillo (Midwife II), Ms. Rhona Dayo Marasigan (Midwife II), Ms. Vivian M. Rago (Midwife I), at Ms. Renz Eilynne Diezmos (Midwife II / RHMPP) na matagumpay na nakapagtapos ng Bachelor of Science and Midwifery sa Mary Chiles College, Sampaloc Manila.

Ang iginawad na Sertipiko ng Pagkilala ay bilang pagpapahalaga sa kanilang tagumpay bilang isang magandang halimbawa, para sa mga lingkod-bayan na nagsusumikap na mas pahusayin pa ang kanilang mga propesyonal na kasanayan at kaalaman, upang mas higit na makapaghatid ng maayos na serbisyo sa mga mamamayan ng Lungsod ng Calapan (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).







THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 49 Oct. 16, 2023 - Oct. 22, 2023

MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# BANTAY DAGAT PATROL VESSEL, IPINAGKALOOB NG BLUE ALLIANCE PARA SA CALAPAN CITY

BUNGA ng magandang relasyon sa pagitan ng Pamahalaang Lungsod sa ilalim ng kasalukuyang administrasyon ni City Mayor Malou Flores-Morillo at ng Blue Alliance Philippines ay nagpapatuloy ang pagsasakatuparan ng mga hakbang tungo sa layuning mabigyan ng magandang pamayanan ang mga nasa fishing community sa pamamagitan ng aktibong pangangalaga at pagpapaunlad ng karagatan. Kaugnay nito, isa na namang floating asset ang ipinagkaloob ng Blue Alliance para sa Lungsod sa ilalim ng co-management initiative.

Pinangasiwaan ng Fisheries Management Office ang pagpapasinaya sa Brand New Bantay Dagat Patrol Vessel na dinaluhan ng mga opisyales mula sa Pamahalaang Lungsod, mga kinatawan ng Blue Alliance at may representante rin mula sa BangkaPro Aquatics, Inc., ginanap sa Barangay Lazareto, Calapan City, Oktubre 17, 2023.

Ang Bantay Dagat Patrol Vessel na ito ay locally manufactured mula sa BangkaPro and Aquatics Incorporated. May haba ito na 7.6 meters at may lapad na 2.4 meters. Pinapatakbo ito ng 115 HP outboard engine na kayang kumarga ng 15 pax load capacity. Ilan pa sa special features nito ay ang kanyang built-in fish finder, global positioning system at radio communications. Sa kabuuan ay nagkakahalaga ito ng 2.4 million pesos.

Ang naturang bangka ay multifunctional na maaaring gamitin para sa sea patrolling at diving purposes.

Ipinaabot ni OIC – Fisheries Mangement Officer Robin Clement Villas ang pagpapasalamat sa pamunuan ng Blue Alliance sa magandang oportunidad na ibinibigay nito upang mas mapag-ibayo pa ng kanilang opisina ang mga programa para sa sektor ng pangisdaan. Aniya pa, ang Bantay Dagat ng lungsod ay may mataas na moral sa pagtupad ng kanilang mandato dahil sa suporta na ibinibigay ng mga kabalikat gaya ng Blue Alliance.

Bilang tugon naman ng Blue Alliance sa nasabing pahayag ay sinabi ni Ms. Teresita Tejada, Finance Manager na lubos silang nagagalak sa ipinapakitang dedikasyon ng City Government sa pamumuno ni Mayor Morillo upang pangalagaan at muling payabungin ang likas-yaman ng karagatan na siyang ring pangunahing nilalayon ng Blue Alliance. Ikinalulugod rin nila ang ipinamamalas na kasipagan at katapatan sa kanilang serbisyo ng mga Bantay Dagat. Sa pamamagitan nito ay umaasa ang kanilang institusyon na magpapatuloy ang maigting na relasyon ng Blue Alliance at ng City Government of Calapan para sa nagkakaisang pangarap para bantayan at linangin ang ating karagatan.

Samantala, sa nasabing okasyon ay kinatawan ni Chief of Staff Joseph Umali si City Mayor Malou Flores-Morillo, dito ay kanyang malugod na ipinaabot ang taus-pusong pagtanaw ng utang na loob at walang katapusang pasasalamat sa Blue Alliance sa isa na namang regalo para sa mga Calapeño. Maituturing aniya na maswerte ang lungsod sapagkat iilan lamang ang mga LGU sa buong bansa na nakakatanggap ng ganitong biyaya. Nangangako aniya ang kasalukuyang administrasyon na iingatan ang nasabing patrol vessel at epektibong gagamitin ito sa ikagaganda ng buhay ng taumbayan. Tinatanaw rin niya ang mas mahaba pang panahon ng pakikipagtuwang sa Blue Alliance.

Si City Administrator Atty. Reymund Al Ussam ay nagsabi naman na ang lahat ng ito ay resulta ng tiwalaan sa pagitan ng Blue Alliance at ng Pamahalaang Lungsod, kanyang binigyang diin na ang bawat pangako ay hindi lamang natatapos sa bawat salitang nilagdaan na nakapaloob sa kasunduan kundi ito'y nararapat maipakita sa pagkilos at seryosong pagtupad sa bawat ipinangako.

"Malayo pa tayo, pero ang bawaty hakbang natin ay mahalaga sa pagkamit ng ating mga pangarap para sa kabutihan ng taumbayan at ikagaganda ng ating kalikasan", dagdag pa ni CA Ussam.

Ang karagdagang floating asset na ito aniya pa ay magpapataas ng kapabilidad sa mga Bantay Dagat na tumugon sa pagkakataon na kinakailangan ang kanilang serbisyo bilang mga tanod ng karagatang sakop ng lungsod. Magagamit rin ito sa aspetong magpapaunlad ng turismo.

Kanya ring ipinahayag na sa nakalipas na mga panahon ay napatunayan ang matibay na paninindigan ng kasalukuyang administrasyon laban sa mga gumagawa ng iligal sa ating karagatan.

Naniniwala aniya ang Pamahalaang Lungsod sa 'Social Justice' para sa lahat, subalit kailangan din na panindigan ang batayang prinsipyo ng pangangalaga sa ating kalikasan at hindi maaaring makompormiso sa anumang bagay o kadahilanan ang pagpapatupad ng batas pangkalikasan. Upang siguruhing maayos at ligtas gamitin ang naturang Bantay Dagat Patrol Vessel ay isinagawa ang sea trial para dito habang itinuro din ni Mr. Ryan Teves, BangkaPro Technical Sales Manager sa mga Bantay Dagat Personnel ang vessel technical aspects.

Kasama rin sa mga ipinagkaloob ang 15 life jackets, apat na boat fenders, isang life ring at anchor (Junard Acapulco/CIO).

